PRAYER

- Magdasal na magkaroon ang bawat isa sa inyong grupo ng katatagan ng puso upang magpatuloy sa harap ng kahirapan at mga pagsubok sa buhay. Nawa'y ang mga pagsubok na ito ay makatulong upang lalo pang tumatag ang inyong pananampalataya.

- Hilingin sa Diyos na lumago pang lalo ang inyong pananampalataya at tulungan kayong kilalanin Siya at palaguin ang inyong tiwala sa Kanya.

- Manalangin na ang bawat isa sa inyong grupo ay maranasan ang kabutihan ng Diyos at ang Kanyang probisyon sa inyong buhay upang mahikayat pa ang marami sa pamamagitan ng mga patotoong ito.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Every Nation Leadership Institute
Inilathala ng EVERY NATION PRODUCTIONS
P.O. Box 12229 Ortigas Center, Pasig City, Philippines

DOUBLE CALLS

Abraham! Abraham!

Week 1

NOTES

CONNECT

- Noong bata ka pa, ano ang tawag sa iyo ng mga magulang mo? Bakit iyon ang tawag nila sa iyo?
- Sino ang pinagkakatiwalaan mo ng husto? Papaano niya nakuha ang iyong tiwala?
- Kung mayroon kang mahalagang sasabihin sa isang tao, anu-ano ang mga pupwede mong gawin upang makuha mo ang kanyang atensiyon (halimbawa, text, email, tawag, o pakikipag-usap ng personal)?

WORD

WHAT

What does the Bible say?

[17,18]Dahil sa pananampalataya, inihandog ni Abraham ang anak niyang si Isaac nang subukin siya ng Diyos. Bagamat alam niyang kay Isaac magmumula ang bansang ipinangako ng Diyos, handa pa rin niyang ihandog ang kanyang bugtong na anak. [19]Alam niyang kaya ng Diyos na muling buhayin si Isaac. At gayon nga ang nangyari—parang bumalik sa Kanya si Isaac mula sa kamatayan.
Hebreo 11:17-19

Sa salitang Hebreo, ang dalawang beses na pagtawag sa pangalan ay paraan nila upang bigyang diin ang halaga ng mensaheng gustong maiparating tulad ng tawagin ng angel ng Panginoon si Abraham ng dalawang beses sa Genesis 22. Ang kahulugan ng pagtawag at ang naging tugon ni Abraham bago at pagkatapos siyang tawagin ay nagbibigay ng mahahalagang katotohanan na pupwede nating isabuhay sa pagtanggap natin sa pangunguna ng Diyos sa ating mga buhay.

- **Ang Pagsubok**
  [1]Pagkalipas ng ilang panahon, sinubok ng Diyos si Abraham. Tinawag siya ng Diyos at tumugon naman siya. [2]Sinabi sa kanya, "Isama mo ang pinakamamahal mong anak na si Isaac, at magpunta kayo sa lupain ng Moria. Umakyat kayo sa bundok na ituturo ko sa iyo, at ihandog mo siya sa akin."

  Genesis 22:1,2

  Ang pagsubok ay nagpapatunay ng isang bagay. Sinubok ng Diyos si Abraham upang mapatunayan ang pananampalataya niya sa Kanya. Gaano ba kahalaga si Isaac kay Abraham? Ano sa tingin mo ang naramdaman ni Abraham ng utusan siya ng Diyos na ialay si Isaac?

  _____

  _____

- **Ang Tiwala**
  [7]"Tinawag ni Isaac ang pansin ng ama, "Ama!" "Ano iyon, anak?" tugong patanong ni Abraham. "Mayroon na tayong apoy at panggatong, ngunit nasaan ang korderong ihahandog?" tanong ni Isaac. [8]Sumagot si Abraham, "Anak ang Diyos ang magbibigay niyon sa akin." Kaya't nagpatuloy sila sa paglakad.

  Genesis 22:7,8

  Nakamamangha ang mga tugon ni Abraham sa pagsubok ng Diyos (b. 1,3,5) at sa mga tanong ng kanyang anak. Kahit mahirap ang utos sa kanya at mahirap intindihin ang dahilan nito, buong-puso siyang sumunod at nagtiwala sa kapangyarihan at katapatan ng Diyos (Hebreo 11:17-19).

  _____

  _____

- **Ang Patotoo**
  [13]Paglingon niya'y may nakita siyang isang lalaking tupa na ang mga sungay ay napasabit sa mga sanga ng kahoy. Ito ang kinuha ni Abraham at inihandog kapalit ang kanyang anak. [14]Ang lugar na iyo'y tinawag ni Abraham na, "Ang Panginoon ang Nagkakaloob." At magpahanggang ngayon, sinasabi ng mga tao: "Sa bundok ni Yahweh ay may nakalaan."

  Genesis 22:13,14

  Ang pagsunod ni Abraham ang naging patunay ng kanyang pagtitiwala sa Diyos. Ang karanasan ding ito ang nagpahintulot sa kanyang makita kung gaano katatag ang kanyang paniniwala at pagmamahal sa Diyos.
  Ang kanyang debosiyon sa Diyos ay naging isang magandang halimbawa na pupwedeng sundin ni Isaac. At sa pagsunod ni Abraham, naranasan niya't nasaksihan na tunay ngang tapat ang Diyos na tumugon sa kany ang mga pangangailangan.

  _____

  _____

SO WHAT ***What is the relevance of the Word to my life?***

- May mga bagay ba na sa palagay mo ay pinapagawa ng Diyos sa iyo na hindi mo maintindihan at nahirapan kang gawin? Papaano mo ito tutugunan tulad ng halimbawang binigay ni Abraham?
- Anu-ano ang mga balakid na pumipigil sa mga tao upang lubos na magtiwala sa Diyos? Paano kaya malalampasan ang mga balakid na ito?
- Anong mga katangian ng Diyos ang pupwede mong panghawakan sa panahon ng paghihirap at pagsubok?
- Anong ibang mga katangian ng Diyos ang iyong napagtanto pagkatapos mong yakapin ang Kanyang pangunguna sa iyong buhay?

NOW WHAT ***How do I apply the Word to my life?***

- Ano ang natutunan mo sa aral na ito at papaano mo ito maisasabuhay ngayong linggo?
- Ano ang pinapagawa ng Diyos sa iyo ngayon? Anong mga praktikal na hakbang ang magagawa mo sa mga susunod na araw upang masunod ito?
- Maglaan ng panahon ngayong linggo upang magkapagbahagi sa iba ng iyong karanasan ng katapatan ng Diyos sa iyong buhay kung may pagkakataon.